



Maligayang Pagdating sa Lokal 328 ng AFSCME

Binabati ka namin sa iyong bagong trabaho sa OHSU! Sa iyong kasalukuyang tungkulin, ikaw ay kinakatawan ng isang unyon ng manggagawa na tinatawag na Pederasyong Amerikano ng mga Empleyado ng Estado, County at Munisipyo (American Federation of State, County and Municipal Employees, AFSCME). Ang unyon sa OHSU (Lokal 328) ay binuo noong 1985 at kumakatawan sa humigit-kumulang 7,000 empleyado.

Ano ang Unyon?

Ang unyon ng manggagawa ay isang grupo ng mga manggagawa na organisado at nagkakaisa sa paggawa ng mga desisyon na nakakaapekto sa kanilang trabaho at mga kondisyon sa pagtatrabaho. Ang pagiging bahagi ng isang unyon ay nangangahulugan na may boses ang mga empleyado sa pagtukoy ng mga sahod, oras, benepisyo (pangangalagang pangkalusugan, pagreretiro, pag-reimburse ng tuition, atbp.) at bakasyon. Nangangahulugan din ito ng pagkakaroon ng mga karapatan tulad ng ligtas at magalang na kapaligiran sa pagtatrabaho, isang deretsong proseso ng pagdidisiplina at mga proteksyon sa "makatuwirang dahilan" (na nangangahulugan na hindi ka maaaring matanggal sa trabaho nang walang dahilan). Kapag iniingatan ng mga manggagawa ang isa't isa, napapahusay nito ang mga kondisyon para sa lahat. Ang pangunahing paraan ng pagsagawa ng unyon dito ay sa pamamagitan ng pakikipag-usap tungkol sa kontrata sa OHSU. Ang isang kontrata ay isang ligal na sinusunod na dokumento na nagtatakda ng ating mga sahod, oras, benepisyo, atbp. Ang mga kontrata ay maaaring mag-iba-iba sa haba mula dalawa hanggang limang taon. Kapag napapalapit na ang kontrata sa petsa ng pagtatapos nito, nagsisikap ang Lokal 328 at OHSU sa muling pag-uusap tungkol dito.

Paano ang Proseso ng Pakikipag-usap?

Kapag nakipag-usap ang Lokal 328 at OHSU, ang bawat panig ay may isang team para kumatawan sa kanila. Naghahalal tayo ng 12 miyembro para kumatawan sa ating unyon at pipili ang OHSU ng 12 manager para kumatawan sa tagapag-empleyo. Sinumang miyembro na nagbabayad ng bayarin ay maaaring mahirang para sa team na makikipag-usap. Tanging mga miyembro lang na nagbabayad ng bayarin ang maaaring bumoto sa eleksyon. Bilang paghahanda para sa pakikipag-usap, naggugugol ang ating unyon ng maraming buwan sa pagsasanay sa ating team. Ang parehong Lokal 328 at OHSU ay sumasali sa pakikipag-usap nang may mga ideya kung paano nila gusto mabago ang susunod na kontrata. Sinusurvey ng ating unyon ang mga miyembro upang malaman kung ano ang pinakamahalaga sa kanila (sahod, insurance, atbp.) at lumilikha ng mga panukala batay sa feedback na iyon. Tumatagal ang usapan nang ilang buwan. Sa mga buwang ito, nagbibigay ang parehong panig ng mga alok; ang ilan ay tinatanggap at ang ilan ay tinatanggihan. Sa buong proseso ng pakikipag-usap, nagpapadala ang Lokal 328 ng mga update sa lahat ng miyembro tungkol sa kung ano ang nagaganap.

Kung hindi naging maayos ang usapan at ang ating mga miyembro ay hindi masaya sa mga panukala ng management, maaaring magsagawa ang mga miyembro ng mga pampublikong pagkilos, tulad ng pagususuot ng mga stiker/button para suportahan ang ating unyon, pagsasagawa ng mga welga at paglahok sa mga pagpiket na nagbibigay impormasyon. Bilang huling opsyon, maaaring hilingin sa mga miyembro ng Lokal 328 na team sa pakikipag-usap na mag-awtorisa ng pagboto sa isang pagwelga; kung karamihan sa mga miyembro ay bumoto para awtorisahan ang isang welga; maaaring magtawag ng isang welga ang team sa pakikipag-usap. Sa sandaling maabot ng parehong panig ang isang pansamantalang kasunduan sa isang bagong kontrata, hinihiling ng ating unyon sa mga miyembro na pagtibayin ito. Tanging mga miyembro lang na nagbabayad ng bayarin ang maaaring magpatibay sa kontrata.

Ano ang mga Bayarin sa Unyon?

Ang pagiging bahagi ng isang unyon ay nangangahulugan ng pagbabayad ng mga bayarin sa unyon. Ang mga bayarin ay mga pagbabayad ng mga miyembro ng unyon para suportahan ang mga operasyon ng ating unyon. Hinihiling natin sa mga miyembro na magbayad ng mga bayarin para panatilihin matatag ang ating unyon. Tinutulungan ng mga bayarin ang Lokal 328 na ipatupad ang ating kontrata, bayaran ang mga gastos na ligal/pang-administratibo ng pagpapatakbo ng isang unyon, sanayin ang ating team sa pakikipag-usap at mga tagapangasiwa at magpatakbo ng mga kapaki-pakinabang na programa para sa ating mga miyembro. Ang mga bayarin ay \$3.48 + 1.27% ng iyong batayang sahod (hindi kabilang ang overtime o mga differential) kada buwan; ang pinakamataas na bayarin na maaaring bayaran ng isang miyembro ay \$69.70/buwan. Awtomatikong binabawas mula sa iyong sahod ang mga bayarin nang 24 na beses sa isang taon. Ang mga dolyares mula sa mga bayarin ng ating miyembro ay sumusuporta sa Lokal 328, Oregon AFSCME Council 75 (Konseho 75) at AFSCME International (Internasyonal na AFSCME).

Ang Programang PEOPLE

Ang AFSCME ay mayroong isang programang pagkilos na politikal na tinatawag na PEOPLE (Public Employees Organized to Promote Legislative Equality o *Mga Pampublikong Empleyado na Inorganisa para Itaguyod ang Pagkakapantay-pantay ng Batas*), na pinondohan sa pamamagitan ng mga boluntaryong donasyon mula sa mga miyembro. Ang programang PEOPLE ay isang paraan para suportahan ng mga miyembro ang politikal na pagkilos na ginagawa ng AFSCME sa Oregon. Ginagamit ang mga pondong ito para ihalal ang mga politikong pabor sa manggagawa at iendorso ang batas na makakabuti para sa mga nagtatrabahong tao. Noong mga nakaraang taon, ang programang PEOPLE ay nakatulong na itaas ang minimum na sahod ng estado, mabigyan ng sick leave ang lahat ng manggagawa at ipasa ang pinakagalanteng batas sa family leave sa bansa.

Ang Istruktura ng Lokal 328

Ang aming unyon ay may ehekutibong lupon na binubuo ng mga hinalal na lider na miyembro. Maaaring tumakbo para sa posisyon sa lupon ang sinumang miyembro na nagbabayad ng dapat bayaran at na may mahusay na katayuan. Ang lupon ang nangangasiwa ng badyet para sa ating

unyon, nagpapanatili ng mga miyembro na may alam tungkol sa ginagawa ng Lokal 328, tumutugon sa malakihang mga problema na hinaharap ng mga miyembro, nagpapasya ng mga hinaing na dadalhin sa arbitrasyon at marami pa. May ilang mas maliliit na komite ang ating unyon na tumutulong na isagawa ang negosyo at mga aktibidad ng unyon. Ang ating unyon ay kabilang sa Oregon AFSCME Council 75 (Konseho 75), na siyang nangangasiwa ng interes ng lahat ng mga unyon ng AFSCME sa Oregon.

Karapatan sa Pagkakaroon ng Kinatawan

Kapag tinawag ka sa isang pagpupulong kasama ang iyong manager at maaaring magresulta ang pagpupulong na iyon sa pagdidisiplina o pagkakatanggal mula sa trabaho, may karapatan kang magsama ng kinatawan ng unyon, bilang bahagi ng tinatawag na Mga Karapatang Weingarten (Weingarten Rights). Nalalapat ang mga karapatang ito sa lahat ng miyembro ng unyon sa Estados Unidos. Sa OHSU, ang mga pagpupulong na ito ay tinatawag na mga pagpupulong na pag-iimbestiga. Kailangang bigyan ka ng iyong manager ng abiso 36 na oras bago ang naturang pagpupulong. Kapag inabisuhan ka na mayroon kang pagpupulong na pag-iimbestiga, makipag-ugnay sa iyong unyon SA LALONG MADALING PANAHOON at humiling ng kinatawan.

Ang Tagapangasiwa na Programa

Ang mga tagapangasiwa (steward) ay mga miyembro na nagboboluntaryo na sumuporta sa kanilang kapwa empleyado na kinakatawan. Ang trabaho ng tagapangasiwa ay bayad na trabaho at protektado ng kontrata. May tatlong pangunahing uri ng tagapangasiwa:

- **Mga Tagapangasiwa sa Imbestigasyon:** Ang isang empleyado na may kinatawan at tinawag sa isang pagpupulong na pag-iimbestiga ay pinahihintulutan na magkaroon ng kinatawan mula sa unyon sa pagpupulong na iyon. Ang mga tagapangasiwa sa imbestigasyon ay sumusuporta sa mga empleyado sa mga pagpupulong na ito, nagtatala at tinitiyak na isinasagawa nang naaangkop ang mga pagpupulong.
- **Mga Tagapangasiwa ng Hinaing:** Maaaring maghain ng hinaing ang isang empleyado na may kinatawan na naniniwala na nilabag ng OHSU ang kontrata. Ang mga tagapangasiwa para sa hinaing ay nakikipagtulungan sa empleyado para tiyakin kung nalabag ang kontrata at tutulong na itama ang sitwasyon.
- **Mga Pangunahing Tagapangasiwa:** Nagtatrabaho bilang mga administrador ng tagapangasiwa na programa ng Lokal 328 ang mga pangunahing tagapangasiwa at tumutulong na ikonekta ang mga empleyadong may kinatawan sa mga mapagkukunan ng unyon.

Ang sinumang miyembro na nagbabayad ng bayarin ay maaaring maging tagapangasiwa, pagkatapos lumahok sa pagsasanay. Kung interesado kang maging isang tagapangasiwa, mag-email sa chiefsteward@local328.org.

Mga Tagapangasiwa ng Yunit

Bilang karagdagan sa mga tagapangasiwa na kumikilos sa mga usapin sa kontrata at kinatawan, mayroon ding mga miyembro ang Lokal 328 na nagsisilbi bilang mga tagapangasiwa ng yunit. Kumikilos bilang link ang mga tagapangasiwa ng yunit sa pagitan ng kanilang mga katrabaho at ang namamahala ng ating unyon. Dumadalo sila sa mga buwanang pagpupulong para malaman kung ano ang ginagawa ng ating unyon at ibinabahagi ang impormasyon sa kanilang mga katrabaho. Kung interesado kang malaman kung sino ang tagapangasiwa ninyo ng yunit, o interesadong maging isang tagapangasiwa ng yunit, mag-email sa kbaker@oregonafscme.org.

May mga Tanong o mga Alalahanin?

Kung mayroon ka mang tanong tungkol sa kontrata o alalahanin tungkol sa lugar ng trabaho, kailangan ng kinatawan sa isang pagpupulong na pag-iimbestiga o nais lang malaman ang higit pa tungkol sa ating unyon, maaari kang makipag-ugnay sa pamamagitan ng:

- Pakikipag-ugnay sa inyong tagapangasiwa ng yunit
- Pagsunod sa amin sa [Facebook](#) at [Twitter](#)
- Pagkontak sa amin online sa 328.unionlabor.org
- Pagtawag sa Lokal 328 sa (971) 804-0237
- Pagtawag sa Oregon AFSCME SMART Center sa (844) 758-6466

May mga tagasaling-wika ang SMART Center para sa mga miyembro na hindi makasalita ng Ingles bilang kanilang unang wika. Makakahanap ka rin ng impormasyon tungkol sa ating unyon sa ating website (www.local328.org).